



United States Department of Agriculture

Checklist para sa Pagkain ng Manok at Pamalit na Litter

Ang pagkain at malinis na litter ay dalawang mga bagay na kailangan mong magkaroon ng sapat na suplay sa iyong pasilidad ng manukan. Maaari rin silang maka-akit ng hindi kanais-nais na atensyon mula sa ligaw na hayop, hayop na gaya ng mga daga, at mga insekto. Mahalagang tanggapin, iimbak, at hawakan nang mabuti ang mga item na ito upang mabawasan ang pagkakataon ng kontaminasyon. Sa pamamagitan ng paggawa ng ilang simpleng hakbang, masisiguro mong ligtas ang iyong mga pagkain ng manok at litter at hindi magdala ng mga mikrobyo na maaaring maging sanhi ng sakit sa iyong mga ibon.

✓ Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihin ang iyong mga kawan.



I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad!

Numero ng Telepono

Beterinaryo

Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba

Beterinaryo ng Estado/Diagnostic Lab ng Hayop o Manok

USDA

866.536.7593



Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman



✓ Checklist: Mga Pagkain ng Manok at Pamalit na Litter

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpaparami na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- Tiyaking nasasakop ang mga trailer na naghahatid** upang maiwasan ang kontaminasyon ng mga pagkain, mga sangkap ng pagkain, at sariwang litter sa panahon ng transportasyon sa bukid.
- Itago ang pagkain, mga sangkap ng pagkain, at sariwang litter sa mga **saradong mga sisidlan o gusali** upang maiwasan ang kontaminasyon.
- Mag-ingat kapag naglilipat ng nakaimbak na pagkain, mga sangkap ng pagkain, at sariwang litter sa mga bahay ng manok.**
Gumamit lamang ng mga malinis at nadisimpekta na kagamitan, o mas mahusay pa, ang mga kagamitan na nakatuon lamang sa paghawak ng pagkain at sariwang litter.
- Linisin ang anumang tapon sa lalong madaling panahon** upang mabawasan ang pagkakataon na maakit ang ligaw na hayop at mga hayop gaya ng daga.
- Panatilihin ang anumang mga naka-bag na pagkain sa itaas ng sahig at magkaroon ng mga panukalang kontrol sa mga hayop gaya ng daga.**
- Gumawa ng pang-araw-araw na pagsusuri para sa mga natapon na pagkain.** Kilalanin kung saan nangyari ang mga tapon ng pagkain at gumawa ng aksyon upang mabawasan ang mga ito.
- Isulat ito.** Isama sa iyong plano ng biosecurity ang mga hakbang na kinuha sa iyong site upang maprotektahan ang mga pagkain ng manok at litter laban sa kontaminasyon mula sa mga ligaw na ibon, mga hayop tulad ng daga, insekto, at iba pang mga hayop. Maaaring kabilang dito ang mga nakasulat na protokol, mga log sheet, at gabay para sa mga kontratista.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihin malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.

